Amburayan Reasearch Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://amburayanresearchjournal.xyz/index.php/arj
| ISSN: 2984-8601 | Volume 1 | Issue 1 | May 2023

# HANAP-SALITA: PAGPAPAYAMAN NG BOKABULARYO NG MGA MAG-AARAL NG ILOCOS SUR POLYTECHNIC STATE COLLEGE – LABORATORY HIGH SCHOOL

❖ GUADNA, EDGAR S. guadnaedgar@gmail.com
❖ LAPITAN, MARCO Q. marcolapitan11@gmail.com
❖ LAZAGA. ERIKA D. lazagaerika28@gmail.com
❖ GANDEZA, CHRISTIAN .christiangandeza8@gmail.com
Orcid. Number 0000-0002-1194-9399
Ilocos Sur Polytechnic State College

## ABSTRAK

*This study aims to enrich the vocabulary of Grade eighth students of Laboratory High School, Ilocos Sur Polytechnic State College- Tagudin Campus in the academic year 2022-2023. It also aims to find out the change in students' performance before and after using the word search booklet. The respondents of this study are in total of 36 students. The researchers made an assessment – pre-test and post-test for data collection. The assessment is consisted of 20 questions, and the data gathered were studied, analyzed and computed through percentage mean and t-test. After the intervention and in the use of word search, the students got a good performance with a mean score of 15.61. It indicates that the students' performance is higher in the post-assessment compared to the initial assessment with a mean score of 11.89. The obtained T-value of pre-test and post-test is 9.981 higher compared to tabular t-value of 1.690 with 0.05 level of significance. Therefore, there is a significant difference in the students' performance before and after using the word search. This is a proof that the use of word search is effective in expanding the students' vocabulary. Based on the results, the students' vocabulary improved.*

*The researchers also suggest that the Filipino subject teacher should continue using word search to enrich the vocabulary of the students. Teachers and students should be open to all strategies such as word search as a medium to expand Filipino vocabulary. Researchers also suggest that the school should hold workshops that aimed to develop the teaching of Filipino subject.*

***Key words: Enrichment, Vocabulary, Word Search, and Booklets.***

## I. INTRODUKSYON

Napakahalaga ng tungkulin ng wika sa isang lipunan. Ito ang bumubuhol sa relasyon ng bawat indibidwal upang magkaroon ng pagkakaisa at pagtutulungan ang isang komunidad. Ang salitang wika ay nagmula sa salitang Latin na Lengua na ang literal na kahulugan ay "dila", kaya nga magkasingtunog ang dila at wika. Ito ay simbolong salita ng mga kaisipan, saloobin, behikulo o paraan ng paghahatid ng ideya, opinyon, pananaw, lohika o mga kabatirang ginagawa sa proseso namaaring pagsulat o pasalita. Ayon kay Henry Gleason, ang wika ay isang sistematikong balangkas ng mga sinasalitang tunog na pinipili at isinasaayos sa paraang arbitraryo upang magamit ng mga taong may iisang kultura. Ayon sa pagpapahayag ni Constantino, isang dalubwika, ang wika ay maituturing na behikulo ng pagpapahayag ng damdamin, isang instrument rin sa pagtatago at pagsisiwalat ng katotohanan. Binanggit ng Pambansang Alagad ng Sining sa Literatura na si Bienvenido Lumbera (2007) na parang hininga ang wika. Gumagamit tayo ng wika upang kamtin ang bawat pangangailangan natin. Para naman sa Iingguwistang si Alfonso O. Santiago (2003), "wika ang sumasalamin sa mga mithiin, lunggati, pangarap, damdamin, kaisipan o saloobin, pilosopiya, kaalaman at karunungan, moralidad, paniniwala, at mga kaugalian ng tao sa lipunan." Kung sasangguni naman sa mga diksiyonaryo tungkol sa kahulugan ng wika, ang wika ay sistema ng

komunikasyon ng mga tao sa pamamagitan ng mga pasulat o pasalitang simbolo. Samantala, ayon sa UP Diksiyonaryong Filipino ang wika ay "lawas ng mga salita at sistema ng paggamit sa mga ito na laganap sa isang sambayanan na may iisang tradisyong pangkultura at pook na tinatahanan."

Kasabay ng pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya ay siya ring pagsibol ng mga makabagong salita na nagdulot ng malaking impak sa humigit isang daang wika sa Pilipinas. Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino, mayroong 130 na katutubong wika sa Pilipinas at ang ilan dito ay namamatay na. Opisyal nila itong ipinahayag noong ika-29 ng hulyo 2022 sa Philippine Information Agency Auditorium, Diliman, Lungsod Quezon. Ang modernisasyon ay isang dahilan kung bakit maraming Pilipino ang nakakaligtaang gamitin ang wikang Filipino maging ang mga katutubong wika. Dulot nito, karamihan sa mga Pilipinong mag-aaral ay walang sapat na kaalaman sa bokabularyong Filipino.

Ang bokabularyo o talasalitaan ay ang pangkat ng mga salita na nasa loob ng isang wika na pamilyar sa isang tao. Ito ay karaniwang umuunlad kaalinsabay ng edad, at nagsisilbing isang pundamental na kasangkapan sa komunikasyon at pagkamit ng kaalaman.

Ayon kay Amparo P. Fernandez Ed.D (2016), ang salitang vocabulario ay mula sa wikang kastila na tinumbasan ng bokabularyo sa Filipino at tinawag na talasalitaan na ang ibig sabihin ay tala o listahan ng mga salita.

Ang bokabularyo ay pinakamahalaga sa lengguwahe at may kritikal na kahalagahan sa karaniwang mag-aaral ng wika (Tizon, 2009). Ayon kay Baumann (2012), ang National Reading Panel of the National Institution of Child and Human Development ay natukoy na ang instraksyong bokabularyo ay mahalaga para sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang abilidad sa pagbasa.

Ayon naman kay Ming Wei (binanggit ni Tizon, 2009), ang pagkukulang sa kakayahan sa bokabularyo ay maaring magdulot ng paghihirap ng mag-aaral sa pagtanggap at pagbuo ng wika kahit gaano pa man kagaling ang mag-aaral sa pagbuo ng balarila, pagkaayos ng pangungusap, at pagbigkas nito. Kung walang tamang salitang maaring gamiting upang maipahayag ang mensahe, walang mangyayari na maayos na komunikasyon.

Binigyan-diin ni McCarthy (binanggit ni Gu, 2003) ang bokabularyo sa pagiging isang napakalaking bahagi ng kahit anong wika, na kapag walang sapat na bokabularyo, ang tao ay magkakaroon ng problema sa pag-intindi ng kahulugan na inihatid sa kanya. May mga mag-aaral na may nadadama sila na hindi sila tinuruan ng sapat na mga salita sa klase, mga salitang kinakailangan sa pakikipagsalamuha at pakikipagtalastasan sa ibang tao (Anghay, binanggit ni Tizon, 2009). Ang mga guro ay napakahusay sa pagturo ng balarila ngunit ang pagkatuto ng mga mag-aaral ng mga salita ay napakababa.

Bagaman ang pagpapayaman ng bokabularyo ay maaring isagawa sa maraming paraan pero marami parin ang mga hamong haharapin ng mga mag-aaral sa pagkakatuto nito. Ayon kay Wakania (2018), ang pagpapayaman ng bokabularyo ay hindi madali at may pagkakataon na nalilito ang mga gumagamit nito sa tunay na kahulugan ng mga salita at maging sa tamang gamit ng mga ito.

Ayon naman kay Widiastuti (2011), marami ang mga mag-aaral na kulang ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon dahil sa kakulangan sa bokabularyo. Kaya mahalaga ang malawak na kasanayan ukol dito. Ang kakulangan sa bokabularyo ay nagdudulot ng suliranin sa wika dahil walang sapat na kasanayan. Bilang karagdagan, ayon kina Vossoughi & Zargar (2009), maaring mapagtanto ng mga mag-aaral na mahalaga ang pagpapalawak ng bokabularyo, pero sa kabilang banda nito ay marami sa mga mag-aaral ang humaharap sa iba't ibang suliranin sa pagkatuto nito dahil sa mga salik tulad ng: (1.) ang mga mag-aaral ay walang motibasyong makinig sa guro; (2.) sa pagkatuto ng bokabularyo, ang mga mag-aaral ay nakapokus lamang sa eksaktong kahulugan ng mga salita na nagdudulot upang hindi na mapansin ang iba pang gamit ito sa pangungusap; (3.) ang mga mag-aaral ay natututo lamang ng mga bagong salita sa pamamagitan ng mga librong binabasa at ng mga salitang itinuturo ng guro sa klase; (4.) natatakot ang mga mag-aaral na gamitin ang mga bagong salitang kanilang natutunan dahil sa takot na magkamali.

Ayon kay Abueva (2013), may mga naniniwala na kapos sa bokabularyo ang mga Pilipino. May mga suliranin na ang mga mag-aaral ay kulang sa kakayang pambokabularyo. Samakatuwid, ang kakulangan sa kaalaman sa bokabularyo ay nakaapekto sa bawat indibidwal lalo sa kanilang kaalaman.

Ang mga nabanggit na pag-aaral ay nagpapatunay na mahina ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mga problemang ito ay hindi rin nalalayo sa problemang dinadanas ng mga mag-aaral ngayon sa mga pampublikong paaralan ng sekundarya. Sila'y nahihirapan sa mga malalalim na salita sa araling Filipino. Ang ganitong suliranin ay nararanasan din ng mga mag-aaral ng ISPSC – Laboratory High School partikular sa ikawalong baitang batay sa obserbasyon ng mga mananaliksik. Ito ang dahilan kung bakit nais magsagawa ang mga mananaliksik ng pag-aaral at layuning mapayaman ang bokabularyo ng mga mag-aaral gamit ang polyeto ng hanap-salita.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pananaliksik na ito ay naghahangad na mapayaman ang Lebel ng kakayahan sa Bokabularyong Filipino ng mag-aaral na nasa Ikawalong Baitang ng ISPSC-LHS taong punuruan 2022-2023. Partikular na sa pagsasagot ng mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang performans ng mga mag-aaral sa hanap-salita para sa pagpapayaman ng kanilang bokabularyo?
2. May makabuluhang pagkakaiba ba ang performans ng mga magaaral batay sa pauna at panapos na pagtataya?
3. Epektibo ba ang paggamit ng hanap-salita sa pagpapayaman ng kanilang bokabularyo?

## II. MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Ang yugtong ito ay nagpapakita at tumatalakay sa mga teoryang may kaugnayan sa pananaliksik tungkol sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral gamit ang hanap-salita.

**Pagkatuto sa Bokabularyo (Vocabulary Learning)**

Ang bokabularyo ay tinutukoy bilang banko ng mga salita. Schmitt & Schmitt (2020) pinatunayan nina Simatupang & Derin (2020) na ang bokabularyo ay koleksiyon ng mga salita na may kasamang kahulugan. Ayon rin kina Simatupang & Derin (2020), ang bokabularyo ay pundasiyon sa kahusayan sa paggamit ng wika na nagsisilbing basehan ng mga mag-aaral sa pakikinig, pagbabasa, at pagsusulat. Ang bokabularyo ay isang malaking tulong sa pagpapahusay ng apat na makrong kasanayang pagsasalita, pakikinig, pagsusulat at pagbabasa.

Ayon kay Madya (2009), mayroong dalawang uri ang bokabularyo. Ito ay ang produktibo at hindi-produktibo. Ang aktibong bokabularyo ay ang mga salitang karaniwang ginagamit sa pagsasalita at pagsusulat. Ang hindi-aktibong bokabularyo naman ay binubuo ng mga salitang naiintindihan lamang ng isang tao sa tuwing nababasa o naririnig ito, ito ay mga salitang hindi karaniwang ginagamit sa pagsasalita at pagsusulat.

Ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo ay napakahalaga para sa pagkatuto ng wika, ito ay sa kadahilanang ang lalim at lawak ng bokabularyo ng isang mag-aaral ang nakatutulong upang mapadali ang pag-unawa sa mga salita. Ang malawak na bokabularyo ng mga mag-aaral ang nagpapagaan sa pagtanggap at pag-unawa ng mga impormasyon sa parehong pasalita at pasulat na isa rin sa kadahilanan na nagpapadali sa pakikipagkomunikasyon o pakikipag-usap ng isang tao. Ayon kina Simatupang & Derin (2020) ang mga mag-aaral ay dapat na mapalawak ang kaalaman sa bokabularyo, ito ay sa kadahilanang mahalaga ito sa paggamit ng wika. Ang kakulangan sa bokabularyo ay nagdudulot ng kahinaan sa mga mag-aaral sa pakikipag-talastasan at pag-unawa sa sinasabi ng ibang tao.

Ang bokabularyo ay kailangan ng isang tao upang maunawaan ang kahulugan ng mga salita at sa pamamagitan din nito ay naipapahayag nang tama ng isang tao ang kanyang mga nais sasabihin. Ang limitadong bokabularyo ay maaring makapagdulot ng masamang epekto sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Ang mayamang bokabularyo ay lubhang mahalaga para sa pagkatuto sa wika ng mga mag-aaral. Ang kasanayan sa bokabularyo ay isang unti-unting proseso. Upang makamit ang mahusay na kasanayan sa bokabularyo, kailangang sundin ng isang tao ang proseso nito. Maaari itong tukuyin sa pamamagitan ng kaalaman sa mga salita. Ang kasanayang ito sa bokabularyo ng mga mag-aaral ay ipinahihiwatig ng

kanilang kakayahan sa paggawa at pag-unawa sa mga salita sa pang-araw-araw na buhay. Ayon kay Krasen at Terrel (2010), ang kasanayan sa bokabularyo ay importante sa proseso ng pagtamo ng mga bagong salita. Sa pagtamong ito ay mahalaga ang kakayahan ng isang tao na maanalisa ang kahulugan ng bawat salitang kanyang sinasabi at naririnig. Ayon din kay Cameron (2006, ang pagkatuto sa mga bagong ay hindi madali. Sa pagkatutong ito ay kinakailangang matuturo rin ang isang tao ng mga bagong salita kasabay ng pagpapayaman sa bokabularyo.

Binanggit ni Abesamis (2007) na hindi sapat na masiyahan sa sagot na "alam ko ang kahulugan ngunit hindi ko masabi" kaya kinakailangan na madebelop sa mga mag-aaral ang eksaktong mga kahulugan at maisalin ang mga kahulugang ito sa eksaktong mga salita. Mahalaga sa pagbabasa ng mga tekstong akademik at propesyunal ang pagpapayaman ng bokabularyo. Paunang nagsasaayos at nagbibigay ng palatandaan ang mga salita sa istruktura ng mga teksto. Idinagdag pa niya na ang isang masasabing pinanggalingan ng problema sa mga teksto ay ang bokabularyo.

Ayon naman sa pananaw ni Belves (2004) sa kanyang aklat na "Pagbasa at Pagsulat sa Iba't ibang Disiplina", higit na mabisa at mahusay sa pakikipagtalastasan ang sinumang nag-aangkin ng malawak o mayamang bokabularyo. Higit siyang mabisang makinig, magsalita, magbasa at magsulat. Higit na mabisa siyang tumanggap at magpahatid ng mensahe o mga kaisipan. Ang isang guro na may malawak na bokabularyo lalo na sa mga paksang kanyang itinuturo ay higit na epektibong magturo. Ang mag-aaral na may malawak na bokabularyo ay higit na epektibong mag-aral at matuto kaya nga ang pagpapayaman ng talasalitaan ay isang patuloy na pangangailangan.

Ayon kay Steven Stahl (2005), "Ang kaalaman sa bokabularyo ay kaalaman; ang kaalaman sa isang salita ay hindi lamang nagpapahiwatig ng isang kahulugan, ngunit nagpapahiwatig din kung paano umaangkop ang salitang iyon sa mundo."

**Hanap-salita**

Ang hanap-salita ay isang palaisipan na ang layunin ay hanapin ang mga salitang nakabuhol sa isang kahon ng mga letra. (Zirawaga, Olusanya, & Maduku, 2017). Ang hanap-salita ay isang midyum ng palaisipan na humahasa sa kaisipan tungkol sa salita ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga letra o pagkulay sa mga ito nang pahiga, patayo, at pahalang upang mahanap ang mga nakatagong salita sa isang kahon ng mga letra (Nurhalima, 2020).

Ang estratehiyang hanap salita ay isang mabuting paraan upang tulungan ang mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang bokabularyo (Wakania, 2018). Simatupang & Derin (2020), ang hanap-salita bilang paraan sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaraal ay isang malaking tulong upang lubos na maintindihan ang mga materyal sa kanilang pag-aaral at mapabuti ang kanilang kakayahan sa paggamit ng mga salita. Ang paggamit ng hanap-salita sa pagpapayaman ng bokabularyo ay isang malaking tulong upang maganyak ang mga mag-aaral sa pagpapalawak ng bokabularyo.

Ang paggamit ng hanap-salita sa pagtuturo ng bokabularyo ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang maghanap ng mga bagong impormasiyon sa pamamagitan ng pagtuklas sa kahulugan ng mga bagong salita (Simatupang & Derin, 2020). Karagdagan, ayon kay Sutherland (2009, 411-412), maraming benipisyo ang maibibigay ng paggamit sa hanap-salita bilang estratehiya sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral, ito ang mga sumusunod: (1) ang hanap-salita ay nakakaalis ng pagkabagot sa mga mag-aaral habang nag-aaral upang mapalawak ang bokabularyo; (2)nakatutulong ang hanap-salita upang maging aktibo ang pag-iisip ng mga mag-aaral; ang hanap-salita ay nakatutulong sa pagpapayaman ng bokabularyo; (3) Ang hanap-salita ay nakatutulong upang matuto ng bagong salita; (4) nakatutulong ang hanap-salita sa pagkamit ng mga bagong kaalaman; (5) nakatutulong ang hanap-salita sa pagpapanatili ng ganyak sa pag-aaral; (6) nakatutulong ito upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang pagbaybay ng mga salita; (7) ang hanap-salita ay nakatutulong upang mahasa ang utak ng mga mag-aaral sa pagkilala sa mga salita.

Ayon kay Aulia Rahma sa kanyaang pag-aaral na pinamagatang "The Effect of Word-search Puzzle on Vocabulary Size at the Sevent Grade Students of SMP Muhammadiyah Buntok" napatunayan na ang

paggamit ng hanap-salita ay nakatutulong upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng hanap-salita bilang paraan sa pagtuturo ng bokabularyo ay nagiging prodaktibo ang mga mag-aaral sa loob ng klase. Napatunayan din sa pag-aaral na ito na nakapagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaraal ang paggamit ng hanap-salita sa pagtuturo ng wika.

Sa pag-aaral ni Ambiyatulum na pinamagatang "The influence of Using Word Search Puzzle Game Towards Students' Vocabulary Mastery at The First Semester of The Eight Grade of SMPNI Ambarawapringsewu" sa katapusan ng pag-aaral ay napatunayan na ang paggamit ng hanap-salita bilang laro sa pagtuturo ay nakatulong na mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Napatunayan sa pag-aaral na isinagawa ni Achmad Syarofi (2017) sa English Department Teacher Training and Education Faculty of Islamic University Madura na pinamagatang "The Effect of Word Search Puzzle Game in Teaching Vocabulary To The First Grade Students of SMPN 3 PROPPO", ang paggamit ng word search puzzle ay nakatutulong sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Napatunayan ito mula sa mean ng pauna at panapos na pagtataya.

Ang pag-aaral naman ni Gregoria Natalie Wakania (2017) sa English Department Teacher Training and Education Faculty of Islamic University Madura na may pamagat na "Enchancing Students vocabulary Maastery of Descriptive Text Trough Word Search Game at Eight Class of SMPN 7Sungai Raya in Academic Year 2017/2018". Ang resulta ng pag-aaral ay ipinakita na ang paggamit ng Word Search Game ay nakatutulong upang mapayaman ang kasanayan sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Kaya bilang konklusyon sa pag-aaral, ang performans ng mga mag-aaral ay napahusay gamit ang Word Search Game.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kuwantitatibong lapit ng pananaliksik. Isinakatuparan ng mga mananaliksik ang pretest-postest eksperimental na disenyo upang tukuyin ang performans ng mga magaaral bago at pagkatapos gamitin ang polyeto ng hanap-salita Ayon nga kay Choueiry (2019, ang one-group pretest-posttest design ay isang uri ng quasi-experiment kung saan ang kinalabasan ng interes ay sinusukat ng 2 beses: isang beses bago at isang beses pagkatapos ilantad ang isang hindi random na grupo ng mga kalahok sa isang partikular na interbensyon/paggamot.

### Mga Respondante

Sa pag-aaral na ito, ang mga respondante ay ang mag-aaral ng ikawalong baitang ng Laboratory High School, na binubuo ng 36 na mag-aaral na may 12 na lalaki at 24 na babai. Pinili nila ang mga mag-aaral ng paaralang Laboratory High School sa taong panuruang 2022-2023 sa buong ikalawang markahan, sa kadahilanan na ang mga mag-aaral dito ay kadalasang nagtatanong kung ano ang salin sa Filipino ang mga salitang Ingles na kanilang ginagamit tuwing sila ay nagsusulat ng sanaysay o talata. At isa pa, ang Hanap-Salita ay hindi masyadong ginagamit bilang estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo.

### Instrumento ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ang mga instrumento na ginamit sa pagkalap ng datos ay ang mga sumusunod:

**1. Pagtataya:** Ang "vocabulary test" ay ginamit upang matimbang ang kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino, ito ay may dalawang kategorya.

**a. Paunang Pagtataya o Pretest**

Ang pretest ay isinagawa bago magsimula ang proseso ng pag-aaral. Ito ay upang malaman kung gaano kalalim ang kaalaman ng mga mag-aaral. Ang paaran ng pagtatayang ito ay "multiple choice".


**b. Panapos na Pagtataya o Posttest**

Ang posttest ay ibinigay matapos ang proseso ng pag-aaral. Ito ay upang makita ang progreso kumpara sa naunang resulta ng pagtataya. Ang pretest and posttest ay buong-buo na magkapareho.

Amburayan Reasearch Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://amburayanresearchjournal.xyz/index.php/arj
| ISSN: 2984-8601 | Volume 1 | Issue 1 | May 2023

**Proseso ng Pangangalap ng Datos**

Sa pag-aaral na ito, ang proseso ng papapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay sa pamamagitan ng isang cycle (plan-action-observe-reflect). Ang modelo ng aksyong pananaliksik na ito ay batay sa suhestiyon nina Kemmis at Mc Tagggart's (1998).




**1. Plan**

Ang preparasyon ng pagplaplano ay nakabatay sa resulta ng naunang pagtataya. Ang pauna at panapos na pagtataya ay dumaan sa proseso ng balidasyon at pagpapatibay. Kasama sa pagplaplano ang mga hakbang na ginawa ng mga mananaliksik upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Dahil dito, naisipan ng mga mananaliksik na bumuo ng hanap-salita bilang tugon sa problema ng mga mag-aaral.

**2. Action**

Sa bahaging ito, ang mga mananaliksik ay ginampanan ang tungkulin ng guro at isinakatuparan ang banghay aralin na binuo. Bukod sa pagiging guro, naging masugid na tagamasid din ang mga mananaliksik habang sinasagutan ng mga mag-aaral ang hanap-salita. Ang polyeto ng hanap-salita ay dumaan din sa proseso ng balidasyon at pagpapatibay mula sa mga piniling tagasuri ng mga mananaliksik.

**3. Observe**

Sa bahaging ito, ginampanan ng mga mananaliksik ang tungkulin ng guro at tagamasid. Inobserbahan ng mga mananaliksik ang buong daloy ng interbensyon.

**4. Reflect**

Ang mga mananaliksik ay nagkaroon ng repleksyon sa mga resulta kung ang paggamit ng hanap-salita ay epektibo o hindi. Ang datos ay nagmula sa isinagawang pagtataya bago at pagkatapos gamitin ang hanap-salita

**III. RESULTA**

Sa kabanatang ito ay ipapakita ang pag-analisa at interpretasyon ng datos na nakalap mula sa isinagawang pagtataya. Ilalahad din dito ang kongklusyon at rekomendasyon.

**Pagsusuri sa Pauna at Panapos na Pagtataya**

Ipinapakita ng talahanayan na ito ang kasagutan sa unang suliranin ng pananaliksik gamit ang nakompyut na mean ng unang pagtataya at panghuling pagtataya. Ang inaasahang pinakamataas na iskor, pinakamataas na iskor na nakuha ng mg mag-aaral at ang pinakamababang iskor ay ipapakita gamit ang talahanayan sa ibaba:

Amburayan Reasearch Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://amburayanresearchjournal.xyz/index.php/arj
| ISSN: 2984-8601 | Volume 1 | Issue 1 | May 2023

**Talahanayan Blg. 1**

| Source of Variations | Highest Possible Score | Highest Obtained Score | Lowest Obtained Score | Mean | Mean Difference | Description |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Paunang Pagtataya** | 20 | 16 | 6 | 11.89 | 3.72 | Katamtaman |
| **Panapos na Pagtataya** | 20 | 16 | 12 | 15.61 | | Mahusay |

Ang nakompyut na mean ng una at panghuling pagtataya ay makikita sa talahanayan sa taas. Sa unang pagtataya, ang pinakamataas na iskor ay 16 habang ang pinakamababa ay 6 at ang nakompyut na mean ay 11.89. Ibig sabihin, ang performans ng mga mag-aaral bago pa gamitin ang hanap-salita ay developing.

Sa panghuling pagtataya, ang pinakamataas na iskor ay 19 habang ang pinakamababa naman ay 12 na ang deskripsyon ay Mahusay. Ang nakompyut na mean ng panghuling pagtataya ay 15.61, ibig sabihin ang performans ng mga mag-aaral pagkatapos magamit ang hanap-salita ay may kataasan. Kung ihahambing ito sa nakuhang mean ng naunang pagtataya, ito ay tumaas ng 3.72, ibig sabihin nag-imprub ang performans ng mga mag-aaral pagkatapos gamitin ang hanap-salita.

Ang mga resultang nakalap ay nagsisilbing patunay sa pag-aaral na ni Orawiwatnakul (2013), na ang hanap-salita ay nakakatulong sa mga mag-aaral na makakuha ng mas mataas na iskor sa bokabulayong pagsusulit kung ikukumpara sa mga hindi gumamit ng mga hanap-salita.

Sa pag-aaral din nina Abuelo at Castillo (2016), natuklasan nilang ang hanap-salita ay nakakapagpanatili ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa pag-aaral na isinagawa ni Ni Made Lohita Anggreni na pinamagatang, “The effectiveness of word search puzzle in vocabulary mastery at seventh grade of SMPN 12 Mataram in Academic Year 2014- 2015”, pinatunayan niyang mas mataas ang performans ng mga gumamit ng hanap-salita sa pagtataya. Gumamit si Ni Made Lohita Anggreni ng dalawang grupo: experimental group at control group. Ang experimental group ay gumamit ng hanap-salita habang ang control group naman ay dumaan sa tradisyonal na metodo o pagtuturo. Batay sa resulta, ang mean score ng experimental group ay 18.97 mas mataas kung ikukumpara sa nakuhang mean score ng control group na 10.16. Dahil dito, ang mananaliksik ng nasabing pag-aaral ay nagbigay ng kanyang kongklusyon na mas epektibong gamitin ang hanap-salita sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral kaysa sa tradisyonal na metodo ng pagtuturo.

**Lebel ng Kabisahan sa Paggamit ng Hanap-Salita**

Ipinapakita ng talahanayan na ito ang kasagutan sa ikalawang suliranin ng pananaliksik, kung epektibo ang paggamit ng hanap-salita sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

Amburayan Reasearch Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://amburayanresearchjournal.xyz/index.php/arj
| ISSN: 2984-8601 | Volume 1 | Issue 1 | May 2023

**Talahanayan Blg.2**

| Range of Scores | One Shot Study Design | | | | Description |
|---|---|---|---|---|---|
| | Pre-test | % | Post-test | % | |
| 17-20 | 0 | 0% | 10 | 27.78% | Pinakamahusay |
| 13-16 | 19 | 52.78% | 24 | 66.67% | Mahusay |
| 9-12 | 10 | 27.78% | 2 | 5.55% | Katamtaman |
| 5-8 | 7 | 19.44% | 0 | 0% | Mahina |
| 0-4 | 0 | 0% | 0 | 0% | Mahinang-mahina |
| **Total** | 36 | 100% | 36 | 100% | |
| **Mean** | 11.89 | | 15.61 | | |
| **Mean Difference** | 3.72 | | | | |

Makikita sa talahanayang ito kung ilang mga mag-aaral ang nakakuha ng mataas at mababang iskor sa pagtataya. Sa paunang pagtataya,ang bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 13-16 na iskor ay 19 habang 10 naman na mag-aaral ang nakakuha ng 9-12 na iskor at 7 naman ang nakakuha ng 6-8 na iskor. Sa panapos na pagtataya, 10 mag-aaral ang nakakuha ng 17-20 na iskor habang 24 naman na mga mag-aaral ang nakakuha ng 13-16 na iskor at 2 mag-aaral lamang ang nakakuha ng 9-12 na iskor. Sa kabuuan, sa paunang pagtataya 52.78% ang nakakuha ng mahusay na performans, 27.78% ang nakakuha ng katamtaman na performans at 19.44% naman ang nakakuha ng mahinang performans. Sa panapos na pagtataya, 27.78% ang nakakuha ng may pinakamahusay na performans, 66.67% ang nakakuha ng mahusay na performans at 5.55% naman ang nakakuha ng katamtamang performans.

Patunay ang mga datos na ito na may pag-unlad sa performans ng mga mga-aaral pagkatapos gamitin ang polyeto ng hanap-salita. Kaugnay nito, pinatunayan rin ni Wakania (2018) na ang estratehiyang hanap salita ay isang mabuting paraan upang tulungan ang mga mag-aaral na mapahusay ang kanilang bokabularyo. Ayon nga kina Simatupang & Derin (2020), ang hanap-salita bilang paraan sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaraal ay isang malaking tulong upang lubos na maintindihan ang mga materyal sa kanilang pag-aaral at mapabuti ang kanilang kakayahan sa paggamit ng mga salita.

Ayon kay Aulia Rahma sa kanyaang pag-aaral na pinamagatang “The Effect of Word-search Puzzle on Vocabulary Size at the Sevent Grade Students of SMP Muhammadiyah Buntok” napatunayan na ang paggamit ng hanap-salita ay nakatutulong upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng hanap-salita bilang paraan sa din sa pag-aaral na ito na nakapagbibigay ng motibasyon sa mga mag-aaral ang paggamit ng hanap-salita sa pagtuturo ng wika.

**T-test analysis of the Pre-test and Post-test**

Ipinapakita ng talahanayang ito ang t-test analysis ng pre-test at post-test bilang batayan kung epektibo ang ginamit na estratehiya ng mga mananaliksik.

Ipinapakita rin dito ang comparative analysis ng iskor ng mga mag-aaral sa pre-test at post-test

**Talahanayan Blg. 3**

| Source of Variation | Mean | Mean Difference | Computed t-value | Tabular T-value | Decision | Interpretation |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Pre-test** | 11.89 | 3.72 | 9.981 | 1.690 | Reject the Ho | Significant |
| **Post-test** | 15.61 | | | | | |

**Level of Significance=0.05**

Amburayan Reasearch Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://amburayanresearchjournal.xyz/index.php/arj
| ISSN: 2984-8601 | Volume 1 | Issue 1 | May 2023

## IV. STATEMENTS AND DECLARATIONS

This research received no external funding. The authors declare no conflict of interest.

## V. PASASALAMAT

Walang sawa at taus-pusong pasasalamat ang ipinaaabot ng mga mananaliksik sa mga taong tumulong, gumabay at naging bahagi sa ikatatagumpay ng manuskritong ito;

**Dr. Ederlina M. Sumail,** Campus Administrator ng Ilocos Sur Polytechnic State College sa pagpapahintulot sa mga mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral;

**Dr. Shirley P. Palma,** Dekana ng Kolehiyo ng Pagtuturo, sa kanyang hindi matatawarang suporta at pagiging madaling malapitan sa panahong nangangailangan ng tulong ang mga mananaliksik;

**Bb. Marjorie A. Pendaden,** tagapayo ng mga mananaliksik sa kanyang walang sawang paggabay, pagsubaybay, pagtitiwala, pagbibigay ng lakas ng loob at hindi matutumbasang tulong upang matagumpay ang pag-aaral na ito;

**Dr. Christian C. Gandeza,** ang kritik, sa kanyang mungkahi at pagwawasto ng mga kamalian para sa ikakaayos ng pag-aaral na ito;

**Gng. Claire Antonette Santisteban at Dr. Anabella Del Rosario,** mga kasaping panel na nagbigay ng kanilang puna at mungkahi para mapabuti ang manuskrito;

**Bb. Lei Ann Sevilleja, Dr. Christian C. Gandeza at Dr. Femarie Capistrano**, sa kanilang panunuri at pagpapatunay sa mga ginamit na tanong at polyeto;

**G. Mark Jaybee R. Galay,** ang nagsilbing istatistisyan ng mga mananaliksik sa kanyang walang sawang pagtulong upang maisaayos ang mga natipong datos at maging ganap ang pag-aaral na ito.

**Dr. Femarie M. Capistrano,** punong-guro ng Laboratory High School sa pagbabahagi ng kanyang payo at suhestiyon;

**ISPSC Laboratory High School, Tagudin Campus** sa kanilang pahintulot upang magsagawa ng pag-aaral sa nasabing paaralan;

**Mga mag-aaral,** sa kanilang aktibong partisipasyon bilang respondante;

**Higit sa lahat, sa Panginoon,** na nagbigay ng talino at nagpatibay ng loob sa mananaliksik upang tapusin ang pag-aaral na ito.

## VI. KONGKLUSYON

Batay sa lumabas na resulta, narito ang sumusunod na kongklusyon:

1. Ang performans ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang pagkatapos gamitin ang hanap-salita ay nag-imprub;
2. May pagbabago sa iskor ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ng Ilocos Sur Polytechnic State College-Laboratory High School bago at pagkatapos magamit ang hanap-salita.
3. Ang hanap-salita ay epektibo sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral sa ika-walong baitang.

Amburayan Reasearch Journal
Tagudin Campus- Quirino, Tagudin, Ilocos Sur https://amburayanresearchjournal.xyz/index.php/arj
| ISSN: 2984-8601 | Volume 1 | Issue 1 | May 2023

## VII. SANGGUNIAN

### A. AKLAT

Abesamis, Norma R. (2007) "Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik", Valenzuela City, Mutya Publishing House Inc. p. 10.

Amparo, F.P. (2016). Ang balarila ng wikang pambansa. Capitol Publishing House Inc.

### B. ELEKTRONIKO

Abueva,M.(2013).https://filipinoek.wordpress.com/2013/29mga- suliraning-mga-guro-sa-pagtuturo-ng-filipino

Anderson,R.C.,Freebody,P.(2008).Vocabularyknowledge.https://scholar?hl=en&as_dst=0%2c5%81981%29+vocabulary+knowledge&b+nG=#d=gs- gabs&u=%3DlmYdwQ-ll+Q5

Liwanag, L. P. (2008). Reading Filipino pedagogy. Ang talasalitaan kaugnay sa pag-unawa ng teksto. Philippine Normal University: Manila.

THE ROLE OF WORD SEARCH IMPROVINGSTUDENTS'VOCABULARY AT SMP NEGERI 10 LOA KULU

https://scholar.google.com/scholar?cluster=5925485005136838148hl=_en&as_sdt=0,5

### C. HINDI NAILATHALANG TESIS

Ambiyatul. (2018). "The Influence of Using Word Search Puzzle Game Towards Students' Vocabulary Mastery at The First Semester of The Eight Grade of SMPN1 Ambarawapringsewu". Bandar Lampung: Thesis. (p. 92)

Blaza, Cacalda, Pamatmat, Samia, Solmoro, et.al. (2001) "Pagpapayaman ngTalasalitaan ng mga Mag-aaral sa Pedro Guevara Memorial NationalHighschool".

Diego, Marivic L. (2017) "Mga Hamong Kinakaharap sa Pagtuturo ng mga Guro sa Asignaturang Filipino sa Pribado at Pampublikong Paaralan"

Kuehn, P. (2019). Function and Importance of Pre and Post-Tests https://owlcation.com/academia/PrePost-Test-A-Diagnostic-ToolFor- More Effective-Teaching-of-EFL-Students

Malik, T. (2019). Comparative Analysis between Pre-Test/Post-Test Model and Post-Test-Only Model in Achieving the Learning Outcomes

Rahma, Aulia. (2016). "The Effect of Word-search Puzzle on Vocabulary Size at the Sevent Grade Students of SMP Muhammadiyah Buntok". IAIN Palang Karaya: Thesis. (p. 111)